

An mga Siday han mga Samarnon ug Leytenhon: Identidad, Kasaysayan, Mga Isyu, at Kalagayan Nito sa Kasalukuyan

The Poems of Samarnons and Leytenhons: Its Identity, History, Issues, and Situation at Present

Ian Mark P. Nibalvos
San Beda University—Senior High School, Philippines
inibalvos@gmail.com

Abstrak: Ang artikulong ito ay isang pagdalumat sa identidad at kasaysayan ng mga *siday* o mga tulang Waray ng mga Samarnon at Leytenhon. Tinatalakay rin dito ang mga isyung may kaugnayan sa *siday* at ang kalagayan nito at ng panulaang Lineyte-Samarnon sa kasalukuyan. Naging matibay na batayan sa pag-aaral sa kasaysayan ng panitikang Lineyte-Samarnon o Waray ang mga talâ ng Heswitang pari na si Padre Ignacio Francisco Alzina na naidokumento sa kaniyang librong *Historia de las Islas Indios de Bisayas...1668*. Dito inilarawan ang pamumuhay, kaugalian, katangian, at tradisyon ng mga tao sa magkakambal na isla ng Samar at Leyte. Kabilang sa pinakamahalagang obserbasyon na kaniyang naitalâ sa kaniyang aklat ay ang kanilang panitikan, partikular ang kanilang panulaan o ang kanilang mga tula. Isang mahalagang isyu rin ang tinatalakay sa papel na ito tungkol sa paggamit ng salitang “Waray” bilang katawagan sa mga tao, wika, at panitikan ng mga Samareño at Leyteño. Iginiit ng ilang mga eksperto o kilalang mananaliksik sa panitikan at wika ng Silangang Bisayas na ang tunay at dapat na kilalang katawagan ay “Lineyte-Samarnon” dahil ang salitang “Waray” ay isang masamang bansag lámang sa kanila. Inisa-isa sa artikulo ang mahahalagang yugto ng pag-usbong o pag-unlad ng panitikang Waray mula sa unang bahagi ng ikalabinsiyam na siglo o sa pagkakatatag ng *Sanghiran San Binisaya* (Akademya ng Wikang Bisaya) hanggang sa dekada singkuwenta na tinaguriang ginintuang panahon ng panitikang Lineyte-Samarnon, at ang pagbabalik-sigla nito sa pamamagitan ng radyo at mga gawaing may kaugnayan sa pagpapaunlad at pagpapahalaga sa mga *siday* sa kasalukuyan.

Mga Susing Salita: *Siday, Panitikang Lineyte-Samarnon, Waray, Radyo Siday, Puplonganon*

Abstract: This article aims to provide a deeper understanding of the identity and history of *siday* or Waray poems of Samarnons and Leytenhons. It also deals with issues related to *siday* and the situation of Waray poetry and *siday* at present. The documents recorded by the Jesuit priest, Father Ignacio Francisco Alzina, which were written on his book entitled *Historia de las Islas Indios de Bisayas...1668*, has been a solid foundation for the study of Lineyte-Samarnon or Waray literature. He gave descriptions on the way of living, customs, traits, and traditions of the people of the islands of Samar and Leyte. Among the important observations he documented was their literature, specifically their poetry or poems. An important issue is also discussed in this paper regarding the use of the word “Waray” as a term used to identify the people, language, and literature

of Samareños and Leyteños. Some experts or researchers in literature and language of Eastern Visayas claim that the true and accepted term is “Lineyte-Samarnon” because the word “Waray” is a negative connotation given to them. The article summarizes the key stages of the development of Waray literature from the early part of the nineteenth century or from the founding of Sanghiran San Binisaya (Academy of Visayan Language) until the fifties (the golden period of Waray literature), and its revival through the radio and of the activities held related to the development and the importance given to it at present.

Keywords: *Siday, Lineyte-Samarnon Literature, Waray, Radio Siday, Puplonganon*

ANG IDENTIDAD NG MGA *SIDAY* O MGA TULANG *WARAY*

Ang tula ang pangunahing uri ng panitikan ng mga Leytenhon at Samarnon (Vilches 47). Ang tula lámang ang napanatiling buháy at napahalagahan dahil sa paraan ng paghahatid ng mensahe sa mga nakaririnig o nakababasa ng mga ito. Ang mga katutubong tulang Lineyte-Samarnon na tinatawag ding *siday* ay sumasalamin sa iba’t ibang aspekto ng búhay ng mga Samarnon at Leytenhon at ang uri ng kanilang pamumuhay.

Ang *siday*, na istandard na katawagang Waray para sa tula, ay ginagamit o binibigkas upang purihin ang kabayanihan ng mga ninuno, ang kagandahan ng isang babae, o ang katapangan ng isang mandirigma. Maririnig din ang mga *siday* sa tuwing maypagpupugay sa isang mahalaga at sikat na tao sa kaniyang kaarawan, sa tuwing may naihalalal o nailuluklok sa isang mataas na puwesto sa gobyerno, pagbisita sa isang lugar o bayan, at pagpupugay sa isang táong namayapa na (De la Rosa 30). Narito ang isang saknong ng tulang “*Ha kan Mercedes*” (Kay Mercedes) na nagsasalaysay ng paghanga at pag-ibig ng isang binata sa isang magandang dilag. Ito ay isinulat ni Iluminado Lucente na nakuha mula sa *Mga Retrato han Akon Bungto at iba pang Akda ni Iluminado Lucente* (54-55).

*Pay malipay! Diri la hini nga adlaw,
Maging maligaya, hindi lang sa araw na ito*

*kondi habug-os nga imo pagkabuhi,
Kung hindi sa buo mong búhay*

*di ka unta dangaton hin kamingaw,
Sana hindi dumating sa iyo ang kalungkutan,*

*ay, Mercedes, nga akon pinili.
Ay, Mercedes, na aking pinili!*

Ang *siday* ay punô ng talinghaga at masasabing ang porma nito ay nanggaling sa mga *patigo* o *titigohon* (bugtong) at sa malalim na dalumat sa búhay na nakapaloob sa mga *puplunganon* o *darahonon* (salawikain) ng mga Leytenhon at Samarnon (Cabardo 21). Ito ay pagsasakatuparan sa paggamit ng tula bílang kasiya-siyang pagtingin sa búhay at pagiging tao. Ito ay maaaring bigkasin o awitin sa isang pagtitipon o pagsasalo-salo, sa radyo o sa isang welga laban sa korupsiyon sa gobyerno. Ginagamit din ang mga *siday* tuwing eleksiyon upang ipahayag ang mga karangalang natamo ng isang kandidato, mga nagawa sa bayan, at iba pang katagumpayan sa búhay lalo na sa kaniyang karera bilang isang politiko at maaari rin naman itong gamitin upang siraan ang mga kalaban (De la Rosa 31). Tunghayan ang halimbawa ng *siday* na may kaugnayan sa politika. Ang tulang “*Gahum han Posisyon*” (*The Power of Official Position*) ay pagsasalaysay kung gaano kamakapangyarihan ang isang táong nailuklok sa isang posisyon sa pamahalaan.

*An tawo nga daugan
Ang táong naihalal sa posisyon*

*Ginpupurutukan hin kaurupdan.
Nilalapitan ng mga kamag-anakan.*


*An tawo nga napipirde
Ang táong natatalo sa halalan*

Binabayaang sugad han gintitibi.
Tulad ng táong may sakit, iniawasan.

(Pagtutumbas sa wikang Filipino ng
mananaliksik)

Namukadkad ang panulaang Lineyte-Samarnon noong ikalabimpitong siglo nang ipakilala ng mga mananakop ang alpabetong Romano at natuklasan ni Alzina na may anim na uri ng tula ang mga Bisaya: ang *ambahan*, *bikal*, *balak*, *sidai* o *siday*, *anogon* o *canogon*, at awit (Vilches 48).

Ang *ambahan* ay isang tulang walang tugma na binubuo ng dalawang taludtod at ang bawat taludtod ay may pitong pantig (Gracio 2, Vilches 48). Mayroon itong dalawang naiibang katangian: una, ang bawat taludtod ay naglalahad ng buong diwa o ideya; pangalawa, maaaring pagpalitin ang dalawang taludtod na hindi naiiba ang kahulugan nito (Kobak 35). Ayon pa kay Kobak (35), ito ay may iba-ibang melodiya na may mabilis at masayang tempo at ginagamit na pang-aliw sa mga pista. Pinangungunahan ng manunula ang pagkanta nito hanggang sa magkaroon na ng palitan ng mga berso ang manunula at ang buong pamayanan.



(Ang itim na bahagi ng mapa ay ang mga lugar kung saan ginagamit ang wikang *Waray* o Lineyte-Samarnon. Ang mga lugar na ito ay ang silangang bahagi ng Leyte, ilang bahagi ng Biliran at ang buong isla ng Samar na nahahati sa tatlong lalawigan: Samar, Silangang Samar, at Hilagang Samar. Ang kanlurang bahagi ng Leyte at Biliran ay gumagamit naman ng wikang Sebwano, samantala, ang ilang bahagi naman ng Hilagang Samar ay may wika namang kahawig na ng Bikolano [Andrada 10].)

Pigura Blg. 1.

Mapa ng Silangang Bisayas na Nagpapakita ng mga Bahagi o Lugar na Gumagamit ng Wikang *Waray* o Lineyte-Samarnon

Ang *bikal* naman ay isang patulang diskurso ng dalawang táong (maaaring dalawang lalaki o dalawang babae) magpapalitan ng berso o linya sa paraang debate (Gracio 2) at pagpapahayag ng nais sabihin sa satirikong paraan na nilalapatan ng musika at tumatagal ng isa o dalawang oras (Vilches 48).

Ang pangatlong uri naman ay ang *balak* na isang metaporikal na tula na ang tema ay tungkol sa pag-ibig at binibigkas ng lalaki at babae sa paraang diskurso (Kobak 35). Kadalasan itong sinasabayan ng pagpapatugtog ng mga instrumentong pangmusika: kudyapi ang para sa lalaki at korlong naman ang sa babae (Gracio 2, Vilches 48). Ayon sa artikulong “*The Literature of Eastern Visayas*” ni Victor N. Sugbo na inilathala noong 2015 sa *Tinalunay ng National Commission for Culture and the Arts* (NCCA), ang balak ay tinawag na *amoral* noong panahon ng mga Espanyol at napalitan naman ito ng katawagang *ismayling* na mula sa salitang *smile* sa Ingles noong panahon ng mga Amerikano. Ayon pa kay Sugbo, sa ilang lugar sa Samar, ang mga katawagang ito ay reimbensiyon lámang ng pagpapahayag ng mga ekspresyon laban sa mga imperyalista na kung saan ang babae ay sumisimbolo sa Inang Bayan at ang lalaki naman ay tapat na mamamayang may lubos na pagmamahal sa bayan.

Ang ikaapat na uri ay ang *siday*, ang pinakamahirap na isulat dahil sa iregularidad sa sukat at sa pagiging metaporikal nito (Vilches 48). Ito ay ginagamit sa pagpupugay ng isang mahalagang tao, pagbibigay-halaga sa mga tagumpay at ambag ng mga ninuno at pagbibigay-puri sa kagandahan ng ilang babae. (Kobak 36). Ang pagtatanghal o ang pagbigkas ng ganitong uri ng tula ay ipinaubaya sa pinakamagagaling na mga katutubong manunula. Itong klase ng tula ang pinakapinahahalagahan ng lahat at minsan ngang ang mga maykaya sa komunidad ay nagbabayad pa ng isang mapang-akit na lalaki para lámang kumanta ng *siday* sa kanilang mga bahay.

Ang *anogon* o ang *canogon*, ang ikalimang uri ng tula, ay ginagamit naman sa pagluluksa sa patay (Vilches 48-49). Ito ay inaawit ng mga babaeng tinatawag na *paharaya* (Kobak 36). Ang huling uri naman ng tula ay ang *awit* na pinakapopular sa anim (Gracio 3). Ito ay binubuo ng dalawang saknong na hindi magkatugma ang dalawang magkasunod na taludtod at inaawit ng mga maglalayag (Vilches 49).

Isinulat ni Vilches sa kaniyang artikulong “*A Preliminary Survey of Waray Poetry*” na inilathala

ng *Leyte-Samar Studies* noong 1976, na batay sa mga dokumento ni Alzina, makikita ang pagiging subhetibo ng mga tulang *Waray* dahil ito ay naglalaman ng kanilang mga personal na karanasan at sentimiyento (49). Binigyang-diin pa niya na sa anim na uri ng mga tulang inisa-isa ni Alzina, tanging ang *siday* (sa kasalukuyan, ang salitang *siday* ay tumutukoy sa mga tulang *Waray* o Lineyte-Samarnon) na lámang ang nananatiling buháy hanggang sa kasalukuyan dahil sa kakayahan nitong mabago o maiangkop sa iba’t ibang tema at okasyon.

Sa artikulong isinulat ni Gracio para sa *NCCA Features* na inilathala ng *National Commission for Culture and the Arts* (NCCA) noong ika-25 ng Nobyembre, 2000, nabanggit na karamihan sa mga tula at kuwentong naitalâ ni Alzina ay hindi napanatiling buháy sa kamalayan ng mga katutubo (3). Ang tatlong siglong pananakop ng mga Espanyol ay tuluyang nakapagbago sa porma o istilo ng panulaan at naratibong *Waray*.

Ang Kasaysayan ng Siday o ng Panulaang Waray

Bago pa man dumating ang mga Espanyol sa ating mga lupain, mayroon nang sariling panitikan, partikular ang mga pabigkas na anyo nito, sa mga isla ng Samar at Leyte. Ayon kay Gracio (4), ang pag-unlad ng pagsusulat at paglilimbag ay hindi nagbigay ng katiyakan sa pag-usbong ng literaturang Lineyte-Samarnon. Walang mga pangunahing limbagan sa Tacloban, Calbayog, at Catbalogan at sa kahit saan mang malalaking bayan ng Samar at Leyte sa panahon ng Espanyol kayâ naman napakakaunti lámang ang mga naisulat na mga akdang pampanitikan sa panahong ito.

Ang kauna-unahang tulang Waray na naitalâ ay makikita sa mga dokumento ni Padre Alzina (sa *Historia de las Islas e Indios de Bisayas... 1668*), isang heswitang Espanyol na nagsagawa ng kaniyang misyon sa mga isla ng Samar at Leyte sa loob ng tatlumpu’t apat na taon (Vilches 47). Binanggit ni Vilches sa kaniyang tesis-masterado na “*A Study of the Waray Lyric Poetry of Iluminado Lucente*” noong táong 1976, na tinawag na *lua* o *luwa* ang mga unang tulang may tugma ng mga Samarnon at Leytenhon na tinatawag namang tula ng mga manunulat sa kasalukuyan (47). Isa sa mga naging mahalagang katangian ng mga sinaunang tula sa bahaging ito ng Pilipinas ay ang pagkakaroon ng tugma na isang magandang sangkap o

katangian sa tuwing binibigkas ito ng mga katutubong manunula.

Sa unang bahagi ng pananakop ng mga Amerikano, mas nabawasan ang bilang ng mga manunulat na nagpamalas ng kanilang kasanayan sa pagsusulat gamit ang wikang Espanyol at kalauna'y ang wikang Ingles. Subalit dahil sa pagmamahal nila sa kanilang inang wika, ito ang nagbunsod sa kanila upang itatag ang *Sanghiran San Binisaya* (Akademya ng Wikang Bisaya) noong 1909 (Vilches 50). Ang pangunahing layunin ng pagtatatag ng nasabing akademya ay upang mapangalagaan, mapino, at mapaunlad ang Wikang Lineyte-Samarnon (Gracio 6, Vilches 50).

Sa pag-aaral ni Vilches noong taóng 1976, inilahad niya na nakita ng mga edukadong elitista ng Leyte (na tinawag ding mga *Leyte Ilustrados* ni Jose Duke S. Bagulaya sa kaniyang artikulong “*Satirizing Women: The Ilustrados and Women in Waray Poetry*” na inilathala ng *Journal of English and Comparative Literature* ng Unibersidad ng Pilipinas, Diliman noong taóng 2004) at Samar ang pangangailangan ng pagkakaroon ng isang samahan na magtataguyod sa wikang Bisaya ng Leyte at Samar kayâ itinatag ang *Sanghiran San Binisaya*. Ito ay pinangunahan ni Norberto Romualdez Sr. at ang mga naging miyembro ng nasabing akademya ay sina Jaime de Veyra, Iluminado Lucente, Juan Ricacho, Casiano L. Trinchera, Francisco Enfectana, Espiridion Brillo, Francisco Alvarado, at Eduardo Makabenta. Nang lumaon, naging bahagi na rin ng samahan sina Epifanio de los Santos, Pedro Serrano Laktaw, Najeeb M. Saleeby, David P. Barrows, Otto Scheere, at Paul L. Stangle.

Hinikayat ni Jaime I. de Veyra ang mga miyembro ng Sanghiran na magpatuloy sa pagsusulat ng mga *siday* bilang kampanya sa pagpapayaman ng wikang Lineyte-Samarnon (Vilches 50). Paghihikayat niya, “*Gin-aghat ngatanan nga Sanghiranhon hin pagsurat hin binisaya, labina an pagsurat hin mga binisaya nga siday*” (Hinikayat ang mga *Sanghiranhon* na sumulat ng mga Binisaya, lalo na ang pagsulat ng mga binisayang *siday*).

Nang ang karamihan ng mga miyembro ng *Sanghiran* ay nasa Maynila na, nagkaroon sila ng reorganisasyon sa mga layunin at polisiya ng samahan at isa na rito ang paglalathala ng mga pahayagan, ortograpiya, ponetika, diksiyonaryo, gramatika, retorika, at pagsusulat ng mga *siday* (Vilches 51). Nailimbag ang kanilang unang pahayagan noong 1924, ang *Pahayagan Sine Nga Akademiya San*

Binisaya sa Samar ug sa Sidlangan San Leyte (Ang Pahayagan Nitong Akademya ng Binisaya sa Samar at sa Silangang Leyte) at nasundan pa ng isang isyu noong 1925.

Sa panahong ding iyon, pagsasaad ni Vilches, ang *Sanghiran* ay nagsimulang bumuo ng mga pamantayan sa pagsulat ng mga tulang Leytenhon at Samarnon (51). Idinagdag pa niya na sa kanilang pagsisikap na paunlarin pa ang wika at literaturang Lineyte-Samarnon, nagsagawa rin ng paligsahan sa pagsulat ng tula o *siday* ang akademya sa Maynila upang maipakilala ang organisasyon sa publiko. Sa dalawampung kalahok ng patimpalak, nagwagi ng unang gantimpala ang trilojiya ni Francisco Alvarado, ang “*Kaadlawon, Kakurulpon, Kagab-ihon*” (Umaga, Hapon at Gabi). Ito ang isang saknong ng tulang kaniyang binigkas noong ika-5 ng Pebrero taóng 1927 sa entablado ng Pamantasang Ateneo de Manila.

Aadton makabugwas – waray pa kapara
Ang bukang-liwayway ay di pa lumilisan

Malanhod an pawa – namamarapara
May init, may lamig na iniiwan

Namamalasibas – an sulhog san adlaw
Nagmamasid-masid ang sikat ng araw

Nakuysad ha tuna – maanyag, malabyaw.
Tinanaw ang lupa ngumiti ng hilaw.

(Salin ni Jaime Polo Biron mula sa Panulaan
at Dulang Leytenhon-Samarnon, 1994)

Malaki ang naging ambag ng *Sanghiran* sa pagbubukas ng kamalayan ng mga Leytenhon at Samarnon sa kanilang sariling panitikan noong mga unang bahagi ng ikalabinsiyam na siglo (Vilches 52). Sa panahong ito umusbong ang mga pangunahing pangalan sa rehiyonal na literatura tulad nina Norberto Romualdez, Sr., Iluminado Lucente, at Eduardo Makabenta ng Leyte at Jose C. Gomez ng Samar.

Marami ring mga publikasyon ang isa-isang nagsulputan na dulot ng pananakop ng mga Amerikano sa Samar at Leyte. Ang mga unang peryodiko sa rehiyon ay ang *An Kaadlawon*, na itinatag noong 1901 ng tinaguriang “Prinsipe ng mga Makatang Waray” na si Iluminado Lucente. Sunod na nagsulputan naman ang

iba pang mga publikasyon tulad ng *La Voz de Leyte*, *El Herald de Leyte*, *An Katalwasan*, *El Fenix*, at iba pa.

Isa rin sa pinakauna ay ang *Eco de Samar y Leyte* na isang lingguhang magasin at opisyal na publikasyon ng Diyosesis ng Lungsod Calbayog. Ito ay nasa sirkulasyon mula taóng 1911 at tumagal hanggang sa taóng 1940 at karamihan sa mga tulang nailathala ay tungkol sa pagbibigay-puri sa mga patronang santo, benerasyon sa Mahal na Ina, at paggunita sa masasayang alaala ng mga namayapang kaibigan at mga kamag-anak. Ang pahayagang ito, bílang isang relihiyosong publikasyon, ay sumentro sa interes ng simbahan na makikita sa mga tula (Vilches, 52). Naging instrumento ito upang maipalaganap ang mga turong simbahan na makikita sa saknong na ito ng tulang nakuha mula sa “*A Preliminary Survey on Waray Poetry*” ni Vilches noong taóng 1982 (66):

*Acon aasoyon an aton cabutang,
Aking ilalahad ang ating kalagayan*

*dinhi sinin tuna nga aton puy-anan
sa mundong itong ating tinitirhan*

*waray na macori, mapait nga cabtang
wala nang mas mahirap at mapait na katayuan*

*condi an camatay nga aton dadangatan.
kundi ang kamatayang ating tutunguhan.*

(Pagtutumbas sa wikang Filipino ng mananaliksik)

Noon namang 1927, inilabas naman ang isang bilingguwal na pahayagan sa Maynila na tumagal lámang ng isang taon, ang *An Tingog* (Vilches 57). Malaki ang naging ambag ng publikasyong ito dahil sa paglalathala nito ng mga *siday* na ang ilan ay isinulat ng mga mag-aaral ng Unibersidad ng Santo Tomas (UST) tulad ni Gregorio Ouano at ang pagsasama sa mga nagwaging entri sa mga patimpalak sa pagsulat ng tula ng *Sanghiran* noong 1926. Layunin ng publikasyong ito na ipagtanggol ang *Tolooan* (panrelihiyong paniniwala) at ang *Iroy nga Tuna* (Inang Bayan), daan upang umusbong ang pagmamahal sa bayan o nasyonalismo sa Panulaang Lineyte-Samarnon. Mahihiwatigan ang paksang ito sa halimbawang saknong ng tula na nakuha rin mula sa

“*A Preliminary Survey on Waray Poetry*” ni Vilches noong taóng 1982 (66):

*Iini in saad nga am' kamatayan:
Ito'y isang pangako hanggang kamatayan:*

*ngadto hiton bukid hit' im' katalwasan,
patungo sa ruok ng kaginhawaan,*

*di kami ma hunong pagdinadangatan,
di kami titigil hangga't di makakamtan,*

*ngadto hiton bukid hit' im' katalwasan.
ang ang ganap na kalayaan.*

(pagtutumbas sa wikang Filipino ng mananaliksik)

Isa pang publikasyon ang naglathala ng ilang mga *siday*, ang *An Lantawan* (Vilches 58). Ilang mga manunulat ang nakilala dahil sa kanilang mga tulang nailathala sa pahayagan tulad nina Pedro Daga, Francisco Enfectana, Ceferino Montejo, Norberto Romualdez Sr., Casiano Trinchera, Eduardo Makabenta, Francisco Alvarado, Iluminado Lucente, at Agustin O'Mora. Iba-iba ang naging tema o paksa ng mga tulang nailathala sa pahayagang ito ngunit ang pinakanamukod-tangi ay ang mga tulang ukol sa pag-alala sa kapistahan ng mga santo. Ito ay naglathala rin ng mga tulang tumatalakay sa kahulugan ng búhay, kaligayahan, pagmamahal, at kamatayan (Vilches 57-58). Narito ang isang saknong ng tulang “*Tuba*” ni Agustin El O'Mora na kaniyang isinulat noong taóng 1934 na nakuha mula sa *Panulaan at Dulaang Leytenhon-Samarnon* ni Jaime Polo Biron (96):

*Tuba...maduyag ka han mga batan-on
Tuba, malupit ka sa mga kabataan*

*Pira na nga dughan an nagmabiduon
Ilang dibdib na ang iyong pinag-agam*

*Pira nga hiyum anay daw bituon
Ilang mga ngiting sa ningning ay tala*

*Nga imo lamrag guin parong hin dayon.
Ang iyong nilasing hanggang mawala.*

(Salin ni Jaime Polo Biron)

Talahanayan Blg. 1: Talaan ng mga Publikasyon sa Silangang Bisayas na Naglathala ng mga Siday

Publikasyon	Taon
<i>An Kaadlawon</i>	1906
<i>La Voz de Leyte</i>	1907
<i>El Heraldo de Leyte</i>	Sa pagitan ng mga taóng 1907 at 1911
<i>Noli Me Tangere</i>	Sa pagitan ng mga taóng 1907 at 1911
<i>An Makabugwas</i>	Sa pagitan ng mga taóng 1907 at 1911
<i>El Fenix</i>	Sa pagitan ng mga taóng 1907 at 1911
<i>La Jornada</i>	Sa pagitan ng mga taóng 1907 at 1911
<i>Eco de Samar y Leyte</i>	1911–1940
<i>Pahayagan Sine nga Akademya san Binisaya sa Samar ug sa Sidlangan san Leyte</i>	1925
<i>La Voz de Bisayas o An Tingog han Kabisay'an</i>	1927
<i>An Lantawan</i>	1928–1942
<i>Leyte Shimbun</i>	1942
<i>Leyte-Samar Record</i>	1956
<i>The Courier</i>	1959

Ang pagkamatay ni Lucente, na ayon kay Gracio (6), ang huling pinunò ng organisasyong *Sanghiran* ay naging hudyat sa katapusan ng gintong panahon ng panitikang Lineyte-Samarnon na tinawag namang *Ilustrado Period in Waray Literature* (ang mga dekada sa pagitan ng 1900-1950 ni Bagulaya noong 2004 sa kaniyang artikulong “*Satirizing Women: The Ilustrados and Women in Waray Poetry*”). Isang malaking kawalan si Lucente dahil hindi lámang siya isang magaling na manunulat ng mga tula, siya rin ay isang magaling na dramatista dahil sa kaniyang mga naiambag na tatlungpung dulang naisulat sa bernakular.

Natunghayan sa mga panahon mula sa unang bahagi ng ika-19 na siglo hanggang sa huling bahagi ng dekada singkuwenta ang pinakamagagandang likhang-siday ng mga makata, lalo na ang mga satirikong tula nina Casiano Trinchera, Iluminado Lucente, at Eduardo Makabenta, na dinagdagan pa nina Agustin El O’Mora, Pablo Rebadulla, Tomas Gomez Jr., Filomeno Quimbo Singson, Pedro Separa, Francisco Aurillo, at Eleuterio Ramoo (Sugbo *n. pag.*).

Bukod sa pagkawala ng isa sa mga kinikilalang haligi ng Panulaang Lineyte-Samarnon, marami rin ang mga naging senyales sa pagkawala at pagkamatay ng literatura ng Samar at Leyte tulad ng kawalan ng mga pahayagan o magasin sa wikang bernakular (Gracio 6). Isa pa sa mga dahilan, ang kanilang wika ay ginagamit lámang sa pakikipag-usap at hindi ito

binibigyang-halaga o ginagamit sa pagsusulat ng mga akdang pampanitikan. Ayon pa kay Vilches (76), ang paghinang ito o ang pagkawala ng mga peryodiko ay ang paghinto o pagtigil ng koneksiyon ng *siday* at ng mga mambabasa.

Mga Isyu Tungkol sa Panitikang Lineyte-Samarnon

“*Waray means nothing in the local dialect, so Waray Literature means we have no literature, and whatever literature we have comes out only during drinking sprees*” Ito ang pagsasaad ni Charo Nabong-Cabardo (Dela Rosa 1) noong 1990 sa isang *seminar* tungkol sa panitikang rehiyonal. Si Nabong-Cabardo, taga-Catbalogan sa probinsiya ng Samar, ay nagtapos ng kursong *Journalism* sa Unibersidad ng Pilipinas. Siya rin ay tagapamunò ng *Samar Historical Foundation* at kasapi ng Pambansang Unyon ng mga Manunulat o PANULAT. Nabanggit din ito sa isang isyu ng *Ani* noong Marso 1990, kung saan isa sa mga *Waray Issue Editors* si Nabong-Cabardo. Pagdaragdag ni Dela Rosa, kayâ sinasabing walang panitikan ang mga taga-Silangang Bisayas, partikular sa isla ng Samar, ay sa kadahilanang wala itong tradisyon ng paglilimbag ng mga akda o mga libro maliban sa Lungsod Calbayog at paminsan-minsan din naman, sa Lungsod Catbalogan (2). Ang literatura ng mga Leytenhon at Samarnon ay nabubúhay lámang kung may mga selebrasyon at sa tuwing may mga inuman.

Lumikha rin ng usapin ang sinabi ni Bienvenido Lumbera, Pambansang Alagad ng Sining para sa literatura, na ang ilang mga panitikan sa Bisayas, kabilang na ang Panitikang Lineyte-Samarnon, ay maituturing na patay o naglaho na (Alunan *n. pag.*). Sa artikulong isinulat ni Merlie Alunan na “*Milestones in Waray Writing*,” nabanggit na isa sa malinaw na dahilan ng pagkakadeklara ni Lumbera sa bagay na ito ay ang kawalan ng mga akdang pampanitikang nalilikha sa wikang ito at kawalan ng mga babasahing naililimbag upang mailathala ang mga akda.

Isa pang isyu ang pinag-ukulan ng pansin ng ilang mga dalubhasa sa panitikan ng Samar at Leyte ay ang pagbabansag sa kanilang wika at mga tao bilang *Waray*. Marami ang umalma, nagtaka kung saan ito nagmula, at nagtanong kung alin nga ba ang angkop na gamitin, *Waray* o Lineyte-Samarnon? Panitikang *Waray* ba o Panitikang Lineyte-Samarnon?

Sa isang artikulo ni De la Rosa na “*The Language and Literature of Northern Samar*” na inilathala sa *Talutang* ng Center for Samar Studies ng University of Eastern Philippines (UEP) noong 1999 tungkol sa mga *siday* ng Hilagang Samar, binanggit niya na ginamit ang terminong *Waray* sa pelikula ng *LVN Pictures* noong 1954 na may pamagat na *Waray-Waray* (67). Tampok sa pelikula ang karakter ni Nida Blanca na makinis ngunit asal-kanto na ginamitan pa ng sikát na kantang may kapareho ring pamagat. Ipinakita sa pelikula ang isang babaeng matigas, matapang, isang probinsiyanang mula sa hirap na nagmula sa Silangang Bisayas. Tumatak ang karakter na ito sa mga tao at simula noon ay ginamit na itong katawagan sa wika ng mga Leytenhon at Samarnon at bansag sa mga tao ng Samar at Silangang Leyte. Nabanggit din sa pananaliksik ni De la Rosa na noong nangangampanya ang dating Unang Ginang na si Imelda Marcos sa mga isla ng Samar at Leyte, nasabi niya na ang katawagang *Waray-Waray* ay mayroong negatibong konotasyon ng pagkakaroon ng “wala” o “kawalan” at dapat daw itong palitan ng “*may-ada*” na salitang Lineyte-Samarnon na nangangahulugang “mayroon.”

Iginiit ni O’Mora (Polo 18) sa kaniyang tulang “*Ngaran han Pinulongan*” (Ang Tawag sa Ating Wika) na kaniyang isinulat noong taóng 1957, ang maling paggamit ng salitang *Waray-Waray*. Ayon sa kaniya, nakalulungkot isipin na ang wikang Lineyte-Samarnon ay binansagang *Waray-Waray* ng mga anak mismo ng Leyte at Samar na isang pambabastos sa pananalita ng mga taga-Silangang Kabisayaan. Tinukoy niya

ang Maynila bilang lungsod na pinagmulan ng bansag na *Waray-Waray* (ibig sabihin ay “bale wala”) at ipinahiwatig niya sa pamamagitan ng kaniyang tula ang pambabastos sa wika ng Silangang Bisayas na dapat daw ay kinikilalang Binisayang Samarnon at Lineyte o Leytenhon (Polo 18):

Di kay Waray-Waray an ngaran han pinulongan
Hindi *Waray-Waray* ang tawag sa ating wika

Ha Samar ngan ha Leyte bahin ha sininragan
Sa Leyte’t Samar, sa Kabisayaang-Silangan

Ito paghimohimo pagngarungan la
Ang bansag na yao’y ginawa-gawa lamang sa

Han ha “pyir” nga magsamok dit ha Tondo, Manila
Piyer ng mga barumbado ng Tondo, Manila

An Leyte-Samarnon iton kamatuuran
Ang “Lineyte-Samarnon”: ito ang katotohanan

Ngan han at pinulungan nasaay iginngaran
Ang tawag sa ating wika sa katunayan

Han at kamag-araman, ladinis ug uluhan,
Ng ating mga pantas, ladino, at kanunuan

Ha panahon nga una, na adlaw nga unahan.
Noong mga sinauna pang kapanahunan.

(salin ni Jaime Biron Polo na nakuha mula sa “Panulaan at Dulaang Leytenhon-Samarnon,” 1994)

Binanggit pa ni De la Rosa (23) ang pahayag ni Nabong-Cabardo na ang wikang Lineyte-Samarnon ay tinawag noong Binisaya, Bisaya, Samarnon, Leyteño, at Samareño. Sa mga dokumento ng mga iskolar sa kasaysayan na sina Padre Francisco Alzina at Padre Pedro Chirino, ginamit nila ang salitang Samareño at hindi ang salitang *Waray*. Kayâ naman, paglalahad ni O’Mora sa kaniyang tula, dapat nang itigil ang paggamit ng salitang *Waray* o dapat na ring itigil ang pagbabansag sa mga táong taga-Silangang Bisayas bilang mga *Waray-Waray* dahil isa itong pambabastos at pagyurak sa gawa ng Akademya ng Wikang Bisaya (Dela Rosa 26).

Sa pag-aaral ni Efmer E. Agustin na may pamagat na “*Waray Beauty: Writing at the Margins and the Poems in Oyzon’s An Maupay Ha Mga Waray*” na inilathala ng *Humanities Diliman* noong 2014, binigyang-pansin niya ang paggamit ni Oyzon ng salitang *Waray* sa kaniyang librong *An Maupay Han Mga Waray*. Kay Oyzon, ang paggamit ng terminong *Waray* ay pagyakap sa salitang itinuring na pambabastos sa lahing Leytenhon at Samarnon at ito ay pagtanggap sa salita bilang positibong tatak na pagkakakilanlan at dapat ipagmalaki ng mga táong nakatira sa rehiyon (Agustin 104). Sa artikulong ito, binanggit pa niya ang paliwanag ni Oyzon na ang terminong Bisaya ay katawagang tumutukoy sa mga tao at lengguwahe ng mga taga-Bisayas, partikular ang mga Sebwano at ilang bahagi ng Mindanaw kung kaya’t nararapat na gamitin na lámang ang katawagang ito upang makita ang identidad ng mga Leytenhon at Samarnon.

Ang Panulaang Lineyte-Samarnon sa Kasalukuyan at sa Hinaharap

Sa artikulong “*The Literature of Eastern Visayas*” ni Victor Sugbo na inilathala sa *Tinalunay* ng NCCA noong taóng 2005, nabanggit niya na nang mawala ang mga pahayagang naglalathala sa mga tulang Lineyte-Samarnon o *siday*, nagsulputan naman ang mga lokal na estasyong panradyo tulad ng DYVL na nagbigay-daan upang mapansin muli ang mga tula o *siday*, ngayon naman ay sa radyo. Dagdag pa ni Sugbo, ang mga nagpapadala ng mga tula ay kadalasang mga magsasaka, mga maybahay, abogado, mga kawani sa mga tanggapang pampamahalaan, mga guro, at mga estudyante.

Ang DYVL ay isang estasyon sa radyo na pinamamahalaan ng *Manila Broadcasting Company* (MBC) na itinatag ni Don Manolo Elizalde bago pa man ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig (Bagulaya 63-64). Pagsasaad ni Bagulaya (63), ang DYVL ay nagsimulang sumahimpapawid noong ika-17 ng Oktubre 1956, ang pinakamatandang estasyon ng radyo sa Rehiyon 8 at ang kauna-unahang estasyon sa buong Silangang Bisayas na nagprodyus ng mga programa sa wikang *Waray*.

Nang humina ang pagsusulat ng mga *siday*, nakahanap ang mga *Waraynon* ng isang lugar upang kanilang muling mailahad ang kanilang mga tula. Ito ay sa radyo, sa isang programa ng DYVL. Ang tagapagbalita ng estasyon na si Bebs Custodio ay nagkaroon ng pagbabasá ng ilang mga kasabihan o *puplonganon* sa tuwing matatapos ang kaniyang

pambalitaang programa sa umaga na siyang muling pumukaw sa panulaan ng mga Leytenhon at Samarnon na natulog sa mahabang panahon (Alunan 221). Ang pagkauhaw ng mga *Waraynon* sa mga *siday* ang nag-udyok sa kanila upang muling maipahayag at maiparinig ang kanilang mga likhang *siday* sa pamamagitan ng programang panradyo ng DYVL. Ang mga *puplonganon*, na tinawag ding *siday*, ay nakapukaw sa interes ng mga tagapakinig (Bagulaya 65).

Ang DYVL ang nagsilbing publikasyon ng mga tula sa buong rehiyon. Ito rin ang naging daan upang maipamalas muli ng mga *Waraynon* ang kanilang mga talento sa pagsulat ng tula o *siday*. Diin pa ni Alunan, ang DYVL ay ang naging tulay upang maibalik ang kasiglahan ng panitikan ng Leyte at Samar. Ang *puplunganon* ang naging pamantayan ng panulaan sa buong rehiyon. Iba’t ibang mga isyu ang tinalakay sa mga tula tulad ng reporma sa lupa, kapaligiran, korupsiyon at katiwalian sa gobyerno, adiksiyon sa droga, katapatan sa serbisyo, at kapayapaan at kaayusan. Tinuligsa rin sa mga tula ang mga iresponsableng magulang, mga pabayang asawa, mga walang galang na mga drayber ng traysikel, at iba pang mga táong nahuhuli ng kanilang mga mapagmatyag na mga mata. Samantala, pinupuri rin naman nila ang mga mabubuting anak, mapagmahal at mabait na asawa, matapat na asawa, matapat na mamamayan, at iba pa. Narito ang isang saknong ng *siday* ni Maning V. Paranas na pinamagatang “Anak” (nakuha mula sa artikulo ni Jose Duke Bagulaya na “*The Form and Ideology of Leyte’s Popular Radio Siday: A Critique*” na nailathala sa *Plaridel: A Journal of Philippine Communication, Media and Society* ng Unibersidad ng Pilipinas noong taóng 2006):

Ikaw nahimugso dinha kalibutan
Ikaw ay iniluwal sa mundong ito

bunga ka han gugma han im guintikangan
bunga ng pagmamahalan ng iyong mga magulang

ikaw guin mayuyo labaw han ngatanan
minahal ka nang higit pa sa ibang bagay

tikang pa ha tiyan hasta kalamragan.
mula sa sinapupunan hanggang sa kaliwagan.

(Pagtutumbas sa wikang Filipino ng mananaliksik)

Bukod sa pagsasahimpapawid ng mga *siday* sa radyo, nagkaroon din ng mga palihan sa pagsulat ng mga ito (Sugbo *n. pag.*). Pinangunahan ng UP Tacloban College ang pagsasagawa ng *creative writing workshops* noong 1983 bilang bahagi ng kanilang ekstensiyong gawain na kinabibilangan nina Victor Sugbo, William Remollo, David A. Genotiva, at Merlie Alunan na pawang mga fakulti ng *Arts and Science Program* sa nasabing unibersidad.

Ang Tanggapan ng Pangulo ng unibersidad, ayon kay Sugbo, ang nagbigay ng pondo noong 1997 para sa pagtatatag ng *UPTC Visayas Writing Workshop* o ang *VisWrite* sa ilalim ng pamamahala ng *Division of the Humanities*. Bukod sa *lump sum* na natatanggap ng opisina ng pangulo ng pamantasan, tumatanggap din ng karagdagang pondo ang organisasyon mula sa *Office of the Chancellor* ng UP sa Visayas at sa *Commission on the Literary Arts* ng NCCA. Nabanggit pa sa artikulo ni Sugbo na bahagi ng pondong natanggap ng *VisWrite* ay nagamit sa pagtatatag naman ng *Lamiraw Creative Writing Workshop* noong taóng 2004 ng Northwestern Samar State University sa Lungsod Calbayog. Mula noong taóng 2005 hanggang sa kasalukuyan ay iba’t ibang palihan sa malikhaing pagsulat ang madalas na isinasagawa sa mga komunidad na ang ginagamit na wika ay Lineyte-Samarnon (Sugbo *n. pag.*).

Ang *Lamiraw* na nangangahulugang “*waking dream*” sa wikang Ingles batay sa isang artikulo mula sa isyu ng *Agung* (ang opisyal na *newsletter* ng NCCA) noong taóng 2015, ay nagbukas ng pagkakataon upang maipamalas ng mga taga-Samar at Leyte ang kanilang mga talento sa pagsusulat at muling buháyin ang panitikang Lineyte-Samarnon o *Waray*, *Sebwano*, at *Inabaknon*.

Noong nakaraang taon, matagumpay na naidaos muli ang palihan sa Unibersidad ng Silangang Pilipinas (UEP) sa Catarman, Hilagang Samar noong Hulyo 8–10, 2017 sa pakikipagtulungan ng *Katig Network Inc.* at NCCA (“*Lamiraw marks 14th year,*” 2017). Ngayong taon, muling isinagawa ang palihan noong Agosto 10–12, 2018 sa *Visayas State University* (VSU), Lungsod Baybay, Leyte.

Mula taóng 2005 hanggang 2014, maraming mga aklat na rin na kalipunan ng mga tulang *Waray* o *siday* ang nailimbag: *An Maupay ha mga Waray ug Iba pa nga mga Siday* ni Voltaire Oyzon noong 2008, *Inintokan* ni Victor N. Sugbo noong 2008, *Ayaw Pagpudla an Tuog ug Iba pa nga mga Siday* ni Harold L. Mercurio noong 2010, *Ha Salog ug Iba pa*

nga mga Siday ni Leonilo D. Lopido noong 2010, *Siso Sakradang ug Iba nga mgang Siday ha Taguangkan* ni Janis Claire Salvacion noong 2010, at ang *Taburos han Dagat* ni Victor Sugbo noong 2014 (Alunan *n. pag.*). Isa sa mga tulang naisama sa antolohiya ni Lopido ay ang tulang “*Pagnawa*” (*Endurance*) na mula sa *Tinalunay: Hinugpong nga panurat nga Winaray* ni Merlie Alunan noong taóng 2017:

Ha katutnga hit’ pagninawa ko
Seeking to endure

hinin dalan nga kinabuhi,
in this road of life

usahay nakabat ha ak’ alimpatakan
I find it in my mind to ask

kun ano’n gamit han kada pagsidlit
what use the sunrise has

han adlaw ngan pagsirang han bulan
or the moon waxing

kun di ka ginlalamragan.
when their light falls not on you.

(salin mula sa *Tinalunay*:
Hinugpong nga panurat nga Winaray
ni Merlie Alunan noong taóng 2017)

Kamakailan lámang ay inilunsad ng *Univesity of the Philippines Press* ang *Tinalunay: Hinugpong nga panurat nga Winaray*, ang bagong aklat na kalipunan ng mga akdang Lineyte-Samarnon, kabilang na ang ilang mga *siday* na isinulat ng mga makata ng *Sanghiran*, mga rebolusyonaryo, at ng mga bagong usbong na manunulat sa kasalukuyang panahon. Ang aklat na ito ay pinagsumikapang buoin ng mga kilalang manunulat at tagapagtaguyod ng panitikang Lineyte-Samarnon na sina Merlie M. Alunan (editor), Aivee Cabling Badulid, Phil Lacaba Mercurio, Voltaire Q. Oyzon, Firie Jill Ramos, at Janis Claire Salvacion. Kasabay ring inilunsad ng nabanggit na publikasyon ang isa pang aklat na nagtatampok sa mga *siday*, ang *Linara nga mga Pulong Woven Words: Mga Siday/ Poems* ni Jose Duke S. Bagulaya.

Sa pag-usbong ng modernong paraan ng komunikasyon lalo na ang paglaganap sa paggamit

ng *social media*, hindi nagpahuli ang mga Samarnon at Leytenhon sa pagpapaunlad ng kanilang panitikan. Ginagamit na rin bilang midyum ng pagpapahayag ng kanilang damdamin at kaisipan sa pamamagitan ng mga *siday* ang ilang *social networking sites* tulad ng *Facebook*. Sa FB, kung tawagin nila ito, ay may ilang mga *Waraynon* ang nagpopost ng kanilang sariling likhang tula tulad ni Vhenz Tiozon na kadalasan ang tema ng mga *siday* ay tungkol sa pag-ibig, pagmamahal sa magulang, at pananalig sa Diyos. Umusbong din sa platapormang ito ang *hagsi*, pinaikling katawagan sa mga *haglipot nga siday* (maiikling *siday*). Ang mga tulang ito na binubuo lámang ng isang saknong na mayroong apat na taludtod ay pinauso ni Herminigildo A. Sanchez ng Lungsod Catbalogan sa probinsiya ng Samar. Narito ang isang halimbawa ng *hagsi*:

Kun ak' dughan Samar
Kung ang puso ko'y Samar

ngan im' husay Leyte
at ang ganda mo'y Leyte

at' gugma di' mapupukan
pagmamahal nati'y di mawawala

bisan pa bumagyo permi.
bagyuhin man tayo nang madalas.

(Pagtutumbas sa wikang Filipino ng mananaliksik)

Masasabing mayaman ang panitikang Lineyte-Samarnon bago pa dumating ang mga Espanyol sa ating bansa. Hanggang sa kasalukuyan, napananatili itong buháy sa pamamagitan ng pagsasalin-salin nito ng mga nakatatanda sa lipunan sa bagong henerasyon ng mga Samarnon at Leytenhon. Sa kabila ng mga isyu at ilang pag-aakala sa paglaho nito ay napananatili pa rin itong buháy dahil sa pagsusumikap at pagmamalasakit ng ilang mga tagarito. Malaki pa rin ang paniniwala ng mga taga-Silangang Bisayas na muling maibabalik ang gintong panahon ng kanilang panulaan. Mayroon pa ring hinaharap na pag-asa ang mayamang anyong ito ng kanilang panitikan. Hangga't may mga manunulat pang sumusulat ng *siday*, may mga táong handang makinig sa mga ito, at hangga't handang sumuporta ang mga himpilan ng mga radyo sa pagsasahimpapawid ng mga *siday* o *puplunganon*, mayroon pa ring pag-asang

manatiling buháy ang mga *siday* ng mga Samarnon at Leytenhon. Ang pagpapayaman ng wikang Lineyte-Samarnon, tulad ng pagpapaunlad sa panulaan, ay pagpapalago sa karanasan at kamalayang pambansa (Cabardo 35).

LAGOM

Sa pamamagitan ng mga akdang pampanitikan tulad ng mga tula o mga *siday*, nakikilala natin ang pagkatao ng mga táong namumuhay sa mga lugar na pinagmumulan nito. Natutuklasan natin ang kanilang mga nakatagong tradisyon, kaugalian, paniniwala, pagpapahalaga, pakikisalamuha sa kapaligiran at sa kapwa tao, at ang kanilang mga pangarap sa buháy na nagpapakita ng kanilang sariling pagkakakilanlan o identidad. Ilang mga kalipunan na rin ng mga tula ang naisagawa sa paniniwalang mailantad ang kultura ng bawat rehiyon o probinsiya sa ating bansa at upang maunawaan ang kanilang pagkatao bílang mga Pilipino.

Sa aklat na *Siday: Mga Tulang Bayan ng Panay at Negros* na isinatipon at isinalin ni Corazon D. Villareal noong 1997, pinagsumikapan ng *Ateneo de Manila University Press* na ilimbag ang kalipunan ng mga tulang Kinaray-a upang sagipin ang kulturang mabilis na naglalaho sa alaala ng mga Panayanhon at gayon din ng mga Filipino (4-5). Magsisilbi ang ganitong katipunan ng mga *siday* ng kanilang pagpapahalaga sa kulturang Filipino, partikular ang Panay.

Binibigyan naman ng pansin sa aklat na *Kasapunggul a Sampaga II: Katipunan ding Poesya at Prosang Kapampangan* ang pagbibigay pugay sa mga manunulat na Kapampangan at bílang indikasyon din na ang kanilang wika ay buháy. Pagsasaad ni Ernest C. Turla sa kaniyang panimulang pahayag sa kalipunan ng mga tulang ito na maipagmamalaki ng mga Kapampangan ang kanilang wika bílang salalayan ng kanilang kultura at tagapagdala ng kanilang sariling etnikong pagkakakilanlan (14). Sa pagmamalaking ito nagmumula ang pagnanais na mapangalagaan, mapaunlad, at maipakilala ito.

Isa pang kalipunan ng mga tula ang nagbigay ng pagpapahalaga sa kanilang kultura at identidad, ito ang *Pagsasatubuanan: Poetikang Bikolnon* ni Jose Jason L. Chancoco noong taóng 2008 (vi). Dito, iginiit ni Chancoco (vi) na sa panahon na malakas

ang impluwensiya ng ibang kultura, paniniwalang *postmodernism* at *neocolonialism*, may matinding pangangailangan ng perspektibang pampanitikan na magpapaangat sa kultural na pagkakakilanlan. Sa dahilang ito, may pagnanais na maisalba ang katutubong anyo ng mga tula habang nagiging bukás sa pagsasaalang-alang sa mga banyagang ideya.

Sa mga kalipunan naman ng mga tulang *Waray* o Lineyte-Samarnon, naipakita ng mga *Waraynon* ang kanilang pagpapahalaga sa kanilang kultura at identidad. Sa aklat na *An Maupay ha mga Waray ug Iba pa nga mga Siday* ni Voltaire Q. Oyzon, ipinahayag ni Oyzon na ang ganitong kalipunan ay nagpapakita na tayo'y may pagmamalasakit pa sa ating kultura. Ito'y isang bagay na magpapaalala sa ating nakaraan (3). Pagsasaad naman ni Merlie A. Alunan sa kaniyang kalipunan ng mga akdang *Waray* na *Tinalunay: Hinugpong nga Panurat nga Winaray* na inilathala noong taóng 2017, ito ay paglalarawan sa kabuoang karakter ng lipunang *Waray*. Ang koleksiyong ito ng mga tula at mga kuwento ay sumasalamin sa magkakaibang katangian ng mga komunidad sa Samar, Leyte, at Biliran (xxiii).

Napakahalaga ng ganitong mga hakbang sa ating panitikan, ang pagbibigay-halaga sa mga akdang rehiyonal tulad ng mga *siday* sapagkat mapananatiili natin ang ating mayamang kultura sa pamamagitan ng pagbabasá at pag-unawa sa mga ito. Ayon kay Phil Harold L. Mercurio sa aklat na *Mga Retrato han Akon Bungto at iba pang Akda ni Iuminado Lucente*, ito ay isang daan din upang mamulat tayong mga Pilipino na ang pagbuo ng bansa ay di lámang isinusulong ng mga tagalungsod o mga tagakabisera, bagkus, malaki rin ang naiaambag ng mga kanayunan, lalo na ang Silangang Kabisayaan (35). Ang pagdukul sa identidad nating mga Pilipino ay mabubuo lámang kung lubos nating matutuklasan at mauunawaan ang mensaheng nakapaloob sa bawat likhang-panitik.

SANGGUNIAN

Mga Aklat

- Alunan, Merlie, et al. *Mga Siday han dyVL*. Tacloban City: Committee on Literature, National Commission for Culture and the Arts/ DYVL Action Radio/ UP Tacloban College Writing Workshop, 2005. Print.
- . *Tinalunay: Hinugpong nga Panurat nga Winaray*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2017. Print.

- Alzadon, Renato, ed. *Kasapunggul a Sampaga II: Katipunan ding Poesya at Prosang Kapampangan*. Pampanga: Holy Angel University at Academia ning Amanung Sisuan International, 2007. Print.
- Cabardo, Charo, et al., eds. *Mga Retrato han Akon Bungto at iba pang akda ni Iuminado Lucente*. Manila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2014. Print.
- Chancoco, Jose Jason. *Pagsasatabuanan: Poetikang Bikolnon*. Manila: National Commission for Culture and the Arts, 2008. Print.
- Committee for the Leyte-Samar Sangyaw Festival. *Sangyaw: The Land and the People of Samar and Leyte*. Manila: National Media Production Center, 1980. Print.
- Luangco, Gregorio, ed. *Waray Literature: An Anthology of Leyte-Samar Writings*. Tacloban City: Divine Word University Publications, 1982. Print.
- Oyzon, Voltaire. *An Maupay ha mga Waray ug iba pa nga mga Siday*. Manila: National Commission for Culture and the Arts, 2008. Print.
- Polo, Jaime Biron. *Panulaan at Dulaang Leytenhon-Samarnon*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1994. Print.
- Sugbo, Victor. *Tinipigan*. Manila: National Commission for Culture and the Arts, 1995. Print.
- . "The Literature of Eastern Visayas." *Tinalunay*. 16 July 2017. <http://ncca.gov.ph/subcommissions/subcommission-on-the-arts-sca/literary-arts/the-literature-of-eastern-visayas/>
- Vilches, Ma. Luz. "A Preliminary Survey of Waray Poetry." *Kandabao: Essays on Waray Language, Literature, and Culture*. Ed. Gregorio Luangco. Tacloban City: Divine Word University Publications, 1982. Print.
- Villareal, Corazon. comp. *Siday: Mga Tulang Bayan ng Panay at Negros*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1997. Print.

Mga Dyornal

- Andrada, Evelyn. "Waray Language Migration as Reflected by Its Glottochronology." *Leyte-Samar Studies* 19.1 (1985), 1-80. Print.
- Agustin, Efmer. "Waray Beauty: Writing at the Margins and the Poems in Oyzon's *An Maupay ha mga Waray*." *Humanities Diliman* 11.1 (2014), 85 – 108. Web. 18 March 2018.
- Bagulaya, Jose Duke. "The Form and Ideology of Leyte's Popular Radio Siday: A Critique." *Plaridel: A Journal of Philippine Communication, Media and Society* 3.1 (2006), 87 – 122. Web. 4 February 2018.
- . "Satirizing Women: The Ilustrados and Women in Waray Poetry." *Journal of English Studies and Comparative Literature* 7.1 (2004), 110 – 127. 12 March 2018.

- Cabardo, Charo, et al. "An Overview of Samareño Literature." *Ani. Literary Journal of the Coordinating Center for Literature* 4.1 (1990), 9 – 16. Print.
- De la Rosa, Lydia. "The Language and Literature of Northern Samar." *Talutang* 6.1 (1999), 66 – 69. Print.
- De Veyra, Vicente. "The Leyte – Samar Dialect." *Leyte – Samar Studies* 1,1 (1967), 18. Print.
- Gracio, Jerry. "Is There A Waray Literature?" *NCCA Features* 5 (2000), 1-7. Print.
- Kobak, Cantius. "Alzina's Historia de las Islas e Indios de Bisayas...1668." *Leyte – Samar Studies* 3.1 (1969), 64 – 65. Print.
- Vilches, Ma. Luz. "A Preliminary Survey of Waray Poetry." *Leyte – Samar Studies* 10.2 (1976), 48. Print.

Mga Tanging Proyekto, Thesis at Disertasyon

- De la Rosa, Lydia. "20th Century Ninorte Samarnon Siday: A Collection and Translation." Diss. De La Salle University, 1993. Print.
- Vilches, Ma. Luz. "A Study of the Waray Lyric Poetry of Iluminado Lucente." MA Thesis. Ateneo de Manila University. 1976. Print.

Mga Website

- Alunan, Merlie. "Milestones in Waray Writing. *Tinalunay*." 30 January 2018. Web <https://tinalunay.wordpress.com/2016/06/29/milestones-in-waray-writing/#more-35>
- Carcellar, Pamela. "Lamiraw marks 14th year." *Manila Metro*. 16 July 2017 <http://www.manilametro.com/news/254005602/lamiraw-marks-14th-year>